



# Paleng-QR Ph plus

## Frequently Asked Questions (FAQs)

### 1 Ano ang Paleng-QR Ph Program?

Ang Paleng-QR Ph ay isang programang binuo ng Department of the Interior and Local Government (DILG) at Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP). Layunin ng programa na palawakin ang *digital payments*—o ang pagbabayad gamit ang mga *digital device* katulad ng *smartphone*—sa mga palengke at tricycle sa pamamagitan ng QR Ph.


Upang maipakita ang pagpapalawak ng *coverage* ng programa, isinali bilang *target participant* ng Paleng-QR Ph Plus ang iba pang mga *merchants, business owners,* at mga *local transport* na hindi nabanggit sa *joint memorandum circular (JMC)* na inilabas noong ika-21 ng Hunyo 2022.

Sa ilalim ng Paleng-QR Ph Program at ang kanyang *expanded coverage,* mas mabibigyang diin na ang pagbabayad ng mga pinamili sa kahit anong *business establishments* at pamasahe sa lokal na transportasyon ay kasama sa karaniwang binabayad sa pang-araw-araw ng isang ordinaryong Pilipino. Kapag tumatanggap na ng *digital payments* ang mga tindera sa palengke pati na ang mga tricycle at community transport drivers, mas maraming Pilipino na ang mahihikayat na gumamit na rin ng *digital payment* sa kanilang pang araw-araw na transaksyon. Kapag nag-*digital payment,* hindi na kailangan mag-*withdraw,* magbitbit at magbayad gamit ang *cash* na s'ya ring makakatulong upang makaiwas sa mga posibleng panganib na pangkalusugan gaya ng COVID-19.

### 2 Ano ang QR Ph initiative?

Ang QR Ph ay inisyatiba ng BSP at *payments industry* upang magkaroon ng isang *national QR code* para sa *digital payments.* Ito ay naglalayong paigtingin ang paggamit ng *QR code* sa *digital payments* kahit na sa pagitan ng magkaibang bangko o *wallet providers* upang maging *interoperable* at mas madali ang mga transakyon para sa mga *merchants* at *consumers.* (https://bit.ly/QRPhFAQs)






# Paleng-QR Ph plus

## Frequently Asked Questions (FAQs)

### 3 Paano makilahok sa Paleng-QR Ph Program?

Ang mga local government units (LGUs) ay hinihikayat na makilahok sa programang ito upang mapakanibangan ng kanilang mga *constituents* ang *cashless transactions* sa mga palengke. Ang mga palengke na kalahok sa Paleng-QR Ph program ay magkakaroon ng mga *banners* o *posters* na may logo ng programa.

Sa ngayon, nailunsad na ang Paleng-QR Ph Program sa mga sumusunod na LGU:

- Baguio City
- Davao City
- Tagbilaran City


Alamin sa inyong mga lokal na opisyal kung nais nilang ilunsad ang Paleng-QR Program sa inyong LGU.

### 4 Ano ang papel ng mga LGU sa Paleng-QR Ph Program?

Inaasahang mag-*issue* ang mga LGU ng ordinansa na isulong ang *cashless payments* sa pamamagitan ng pag-*mandate* at pag-*incentivize* ng mga QR Ph *digital payments* sa mga *market vendors,* TODA, at iba pang mga *business establishments.* Tutulungan din ng mga LGU ang mga *target users* gaya ng mga nagtitinda sa palengke, tricycle o *community transport drivers,* at iba pang mga tindahan na magkaroon ng *transaction account.* Gagawin nila ito sa pamamagitan ng pag-organisa ng *"account opening day,"* sa tulong ng mga *financial service providers* (FSP, katulad ng bangko at *e-money issuers*) na kalahok sa QR Ph *initiative.*

Ang pakikilahok ng mga FSPs sa Paleng-QR Ph Program ay hindi eksklusibo. Ang LGU ay maaaring makipag-ugnayan sa higit sa isang QR Ph-*ready* FSPs.






Paleng-QR Ph *plus*

# Frequently Asked Questions (FAQs)

## 5 Ano ang papel ng mga FSPs sa Paleng-QR Ph Program?

Ang mga FSPs na makikilahok sa programa ay inaasahan na:

- Makibahagi sa *"account opening days"* na ioorganisa ng mga LGUs;
- Sa *account opening days,* maglagay ng mga *customer assistance booths* at magbigay ng mga *QR code printouts* bilang suporta sa LGUs;
- Magbigay ng mga *information materials* bilang gabay sa pagbubukas ng mga *transaction accounts,* paggamit ng *QR code payments*, at iba pang *digital financial services;*
- Magbigay ng mga *resource speakers* at *content* para sa *financial literacy program* ng LGU; at
- Magtalaga ng mga *contact persons* na makikipag-ugnayan sa mga LGUs upang mapanigurado ang madaling pagpapatupad ng programa.

## 6 Ano naman ang aasahan sa BSP at DILG?


Sa tulong ng BSP, magbibigay ng *technical assistance* ang DILG sa mga LGU ukol sa *account onboarding, digital payments* at *financial literacy.* Magtutulungan din ang BSP at DILG upang mas maraming makaalam ukol sa programa at mas mapabilis ang roll-out nito sa iba't ibang lungsod at munisipalidad sa bansa.

## 7 Ako ay tindera pero wala akong valid ID. Maari ba akong makapagbukas ng transaction account upang makagamit ng digital payments alinsunod sa layunin ng Paleng-QR Ph program?

Sa ilalim ng regulasyon ng BSP, niluwagan na ang pagtanggap ng mga ID sa pagbubukas ng transaction account. Sa mga pinagaan na *Know-Your-Customer (KYC) requirements*, maaari nang ma-*verify* ng mga FSP ang *identity* ng kanilang mga *customer* sa pamamagitan ng mga dokumento tulad ng LGU o barangay *certification.* Maaaring makipag-ugnayan sa kanilang mga LGU ang mga tindera o negosyante na interesadong makilahok sa Paleng-QR Ph program para makakuha sila ng mga *certification* na ito.

Maliban pa dito, sa ilalim ng Memorandum No. 2022-044 ng BSP, ang FSPs ay minandato na isama ang e-PhilID sa listahan ng mga *valid* IDs na kanilang tinatanggap at kilalanin ang *printed* na e-PhilID bilang *official government-issued identification document* at *sufficient proof of identity* na hindi na kinakailangan pa ng karagdagang ID.





Paleng-QR Ph plus

## Frequently Asked Questions (FAQs)

### 8 Lahat ba ng LGU ay maaaring makilahok sa Paleng-QR Ph program?

Lahat ng lungsod at munisipalidad ay hinihikayat na makilahok sa Paleng-QR Ph program. Nilagdaan ng BSP at DILG ang isang JMC na nagtatagubilin sa lahat ng mga LGU na makilahok sa Paleng-QR Ph. Nakasaad sa JMC ang mga *guidelines* para sa implementasyon ng Paleng-QR Ph program sa mga LGUs upang maisulong ang *digital payments* sa mga palengke, sari-sari store, mga *tricycle driver*, mamimili, at mga *commuter*.

### 9 Ako ay isang mamimili at hindi naman tindera. Maaari ba akong mahilahok sa *account opening day*?

Ang mga LGUs ay inaasahang tulungan at hikayatin ang mga mamimili na magbukas ng *transaction account* upang mas maisulong ang paggamit ng *digital payments* sa mga palengke at sa buong komunidad. Ang pagbubukas ng *transaction account* ay isang indikasyon ng *financial inclusion* na naglalayong makagamit ang bawat Pilipino ng iba't iba at naangkop na *financial services* tulad ng *loans* at *insurance* na makakatulong sa pag-angat ng kanilang mga buhay.

### 10 Ano ang maaaring mga benepisyo na maaasahan namin sa Paleng-QR Ph?

Makakatulong ang Paleng-QR Ph program sa mga tindera, tindero, tricycle driver at kanilang mga *customer* at pasahero na makapagbukas ng *transaction account* na maaari nilang gamitin sa *digital payments.* Sa paggamit nila ng *digital payments,* maaari na nilang maiwasan ang pagkalat ng pekeng salapi at paglaganap ng sakit tulad ng COVID-19. Maaari na rin nilang gamitin ang kanilang *transaction account* upang ma-*access* ang ibang mga serbisyo pinansyal tulad ng pautang, *insurance* at *investment*.

Para naman sa mga LGU, mas madali nang makapagbigay ng mga ayuda at mga iba pang pinansyal na benepisyo derecho sa *transaction accounts* ng mga *constituents*.




*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Paleng-QR Ph program: https://bit.ly/PalengQRPh*